

[\(Link to English Version\)](#)

Mga Mahal na Pamilya,

Bilang pagtatapos ng panuruang taon, nasa panahon tayo ng mga seremonya at tradisyon na idinisenyo upang ipagdiwang ang mga nakamit ng mga mag-aaral at ipadala sila sa susunod na yugto ng kanilang edukasyon, maging iyon man ay unang baitang, gitnang paaralan, kolehiyo, o karera. Ang mga pagdiriwang na ito, na higit sa lahat ay gagawin ng personal, ay karapat-dapat sa pagtatapos ng isang mapaghamong taon. Makitang nakakatanggap ng mga parangal at mga diploma ng pagtatapos ang ating mga mag-aaral na kasama ang kanilang mga magulang at miyembro ng kanilang mga pamilya na dumadalo ay isang malakas na paalala na ang pagkamit ng pangunahing misyon ng ASD ay isang mahabang paglalakbay na nangangailangan ng pangako ng buong komunidad.

Isinasaalang-alang, ang sumusulong na patnubay ng CDC tungkol sa napakababang rate ng paghahatid ng COVID sa mga panlabas na aktibidad, binawi ng ASD ang kinakailangan para sa mga boluntaryo na ganap na mabakunahan para makilahok sa mga panlabas na kaganapan. Mahalaga at kailangan ang mga boluntaryong magulang para sa isang magkakaugnay na pamayanan ng paaralan, at ang pagsasaayos na ito ay papayagan ang mas malawak na pakikilahok sa mga mahahalagang kaganapan sa pagtatapos ng panuruang taon nang hindi sinasakripisyo ang kaligtasan. Nagpapasalamat ang Distrito sa patuloy na suporta ng pamayanan at taos-pusong pinahalagahan ang opinyon ng publiko habang nagtutulungan kaming makabalik sa mga regular na gawain.

Ang ASD ay naghahanda na sa susunod ng Tag-lagas kasama ang pag-asa na ang mga aktibidad sa paaralan ay magiging tulad ng dati bago pa ang pandemic, habang isinasaalang-alang ang ating mga magandang natutunan tungkol sa ating kapasidad. Naglalayon kami para sa isang buong araw ng pag-aaral, limang araw sa isang linggo! Ang mga specials tulad ng PE at musika ay muling isasama, at ang tanghalian ay maaaring ipagpatuloy sa mga mas malalawak na espasyo. Inaasahan namin ang pagpapatuloy ng ilang mga hakbang sa pagpapagaan, dahil ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani ay mananatiling isang prioridad ng Distrito. Patuloy naming susubaybayan ang mga alituntunin at iniaatas ng CDC ng aming lungsod habang kami ay nagpaplano. Marami kaming natutunan sa taong ito tungkol sa kung paano mapagaan ang pagkalat ng COVID sa aming mga paaralan at tiwala ako na mabubuksan natin ang ating mga paaralan, programa, at aktibidad na mas buo sa tag-lagas.

Upang matulungan ang aming pagpaplano para sa susunod na taon, ang Distrito ay namahagi ng isang maikling survey ngayon upang makuha ang inyong puna sa mga ilang bagay. Kung hindi nyo pa natatanggap o nakumpleto ito, mangyaring maglaan ng dalawang minuto ng inyong oras upang maibigay ang inyong input. Ang survey ay matatagpuan [dito](#).

Tulad ng maaaring nalalaman nyo na, ang bakunang Pfizer COVID-19 kamakailan ay naaprubahan para sa emerhensiyang paggamit sa mga batang edad 12 pataas. Ang ASD ay nakikipag-ugnay sa isang third-party na tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan na may plano na mag-host ng mga klinika sa mga site ng ASD sa buong tag-init. Ang mga pamilyang pipiliing ituloy ang bakuna para sa kanilang mga mag-aaral ay maaaring iiskedyul ang kanilang mga appointment sa bakuna sa pamamagitan ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng Alaska. Mangyaring malaman na ang pagbabakuna ay nananatiling isang sariling pagpapasiya sa ASD.

Ito ang aking huling pangkalahatang, direct-to-your inbox na pag-update ngayong panuruang taong ito. Sa pagsasara, mangyaring samantalain ang bawat pagkakataon na lumabas at samantalain ang mga

iba't ibang iniaalok ng ating maganda at malawakang estado. At, batiin ang inyong mga mag-aaral ng lahat ng edad sa kanilang mga nagawa ngayong taon. Nawa'y magkaroon kayo ng magandang Alaskan summer!

Taos-puso,

Deena M. Bishop, Ed.D.
Superintendente